# Almusal sa Cauayan

*Joseph C. Eco, EdD*

Simple ang pagkain sa Cauayan
Magluluto lamang ang nanay ng kanin
At magpriprito ng tuyo.
Pag nakaka-angat ng kaunti ay may kasamang mantikilya
Na ihahalo sa kanin at saka isasangag.
Pag medyo mataba ang kalupi ay "hotdog at bologna"
Ang nasa hapag.
Saka ako ipagtitimpla ng kape
Na tinutunaw ng bagong kulong tubig.
"Milo" kung minsan, lalo na pag ako'y humihiling.
Payak nga.

Simpleng handa, mula sa isang huwaran.
Marami ding sikat na kainan sa aming bayan.
Andiyan ang Ala Eh!, Felicitas at mga lomihan
Mayroong masarap na pagkakainan ng almusal
May mga uupuang glamorosa pag kumakalam ang tiyan,
Ngunit sa inilibot ko,
At sa mga lugar na aking napuntahan
Ang almusal na inihahanda ng aking ina ang tanyag.

Sapagkat ang kanin na isinasaing niya
Ay bunga ng pagpapawis at pagpapagod,
Ang tuyong inilalatag ay binili gamit ang pagkayod
At ang tubig na tumutunaw sa kapeng tiglima
Ay sing-init ng pag-aaruga't kalinga niya.
Wala mang karangyaan sa mga inihahanda,
Ay mayaman na akong maituturing
Higit din sa aking inaakala,
Dahil sa almusal ko palang
ay nabuod na ng pag-ibig at lambing.